

ANG DAAN PATUNGO SA DIOS





©2010 by World Missionary Press, Inc. Cover art by Edwin B. Wallace. Meryl Esenwein, art above and on pages 10, 12, 14, 16, 27, 29, 39, 41, 42, 44, 46, 47, and 48.

NILALANG NG DIOS ANG LAHAT

1

Ganap ang lupa nang ibigay ng Dios sa tao. Basahin ang libritong ito upang malaman kung ano ang nangyari.

“Noong pasimula, nilalang ng Dios ang langit at ang lupa....”
—Genesis 1:1

“... Siya ang maylikha ng lahat ng nasa langit at nasa lupa....”
—Colosas 1:16

“Pagpalain nawa kayo ni Yahweh na lumikha ng langit at lupa. Kay Yahweh ang kataas-taasang langit, ngunit ibinigay Niya ang lupa sa mga tao....”
—Awit 115:15-16

NILALANG TAYO NG DIOS



“... Sinabi ng Dios, ‘Lalangin Natin ang tao sa Ating wangis, ayon sa Ating anyo, at bigyan Natin sila ng pamamahala sa lahat... sa ibabaw ng lupa.’” —Genesis 1:26

BINUHAY NG DIOS ANG TAO

3

“Inanyuan ni Yahweng Dios ang tao mula sa alabok ng lupa. Hiningahan Niya ito sa ilong, at ang tao’y naging kaluluwang buháy.”* —Genesis 2:7

“Sinabi ng Dios na si Yahweh, ‘Hindi mabuti sa lalaki na siya’y nag-iisa. Igagawa Ko siya ng makakatulong niya.... Kaya’t pinatulog Niya ito nang mahimbing.... kinuha ... ang isang tadyang nito at pinaghilom ang laman sa tapat noon. Ginawa Niyang babae ang tadyang na iyon, at ibinigay Niya sa lalaki....” —Genesis 2:18, 21-22

***Ang ibig sabihin, ang tao’y mabubuhay magpakailan man.**

4 SINUWAY NINA ADAN AT EVA ANG DIOS



Hindi tayo dapat makinig kay Satanas.

“Inilagay ni (Yahweh) ang tao sa halamanan ng Eden upang pangalagaan ito. At inatasan Niya ang tao: ‘Maaari kang kumain ng alinmang bungangkahoy (dito), maliban sa bunga ng punongkahoy ng pagkaalam ng mabuti at masama, sapagkat sa araw na kumain ka ng bunga noon, mamamatay ka....’” **5**
—Genesis 2:15-17

NAGSINUNGALING ANG AHAS (SI SATANAS). KASI'Y AYAW NIYANG MAGPASAKOP SA KAPANGYARIHAN NG DIOS.

“‘Hindi kayo mamamatay,’ wika ng ahas sa babae.... Nang makita ng babae na masarap palang kainin ang bunga ng puno, at nakapagpaparunong pala, pumitas siya at kumain, at binigyan pa niya ang kanyang asawa.... Kinain naman iyon ng lalaki....”
—Genesis 3:4, 6

6 PINALAYAS SINA ADAN AT EVA SA HALAMANAN



“Kaya’t pinalayas ng Dios ang tao sa halamanan ng Eden.... At naglagay Siya roon ng mga bantay na kerubin ... at ng espadang nagliliyab at sumisibad sa magkabi-kabila ... upang walang makalapit sa punong-kahoy ng buhay.”

—Genesis 3:23-24

MALUNGKOT NA ARAW IYON PARA SA MGA TAO NANG MAGKASALA SINA ADAN AT EVA

7



“Pumasok ang kasalanan sa mundo dahil sa isang tao, at ... ang kamatayan dahil sa kasalanan.”

—Roma 5:12

ALALAHANIN NATIN...

Lahat ng tao ay isinisilang na likas na makasalanan at namamatay dahil dumating ang kamatayan na bunga ng kasalanan. (Basahin mong muli ang Roma 5:12.)

8 ISINUGO NG DIOS ANG KANYANG BUGTONG NA ANAK UPANG HANGUIN TAYO SA KASALANAN



“Magsisilang siya ... at ang itatawag mo sa Sanggol ay JESUS, sapagkat ililigtas Niya ang Kanyang bayan mula sa kanilang mga kasalanan.” —Mateo 1:21

Naging isang Taong Sanggol ang Anak ng Dios upang mapabilang sa sangkatauhan.

“... Kay Cristo tumatahan ang buong kapuspusan ng Dios...”

—Colosas 2:9

SI JESUS AY DIOS—SA ANYO NG TAO

9

“Sa pasimula pa’y naroon na ang Salita, ang Salita ay kasama ng Dios, at ang Salita ay Dios.... Naging tao ang Salita at nakipamuhay sa atin sa lupa.” —Juan 1:1, 14

“Ito ang magiging katuparan ng sinabi ng Dios.... ‘Makinig kayo! Ang dalaga’y maglilihi at magsisilang ng isang Lalaki. At ang itatawag sa Sanggol ay Emmanuel’ (na ang ibig sabihin ay ‘sumasaatin ang Dios’).” —Mateo 1:22, 23

“...May Sanggol na isinilang sa atin... may Anak na lalaki na ibinigay sa atin. Siya’y mamumuno sa bayan at tatawaging Kahanga-hangang Tagapayo, Makapangyarihang Dios, Walang-Hanggang Ama, Prinsipe ng Kapayapaan.” —Isaias 9:6

10 SI CRISTO— ANG GANAP NA HANDOG PATUNGKOL SA ATIN

“Si Cristong walang kasalanan....”

—2 Corinto 5:21



“Hindi Siya nagkasala....”

—1 Pedro 2:2

Ang tao'y hindi makapag-aalay ng GANAP na handog na makapag-aalis ng kasalanan.

“Hindi talagang nakapag-aalis ng kasalanan ang dugo ng mga toro at kambing.” —Hebreo 10:4

Si Jesus ang Kordero ng Dios. **“Masdan ninyo ang Kordero ng Dios, na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan!”** —Juan 1:29b

NAMATAY SI JESUS UPANG ILIGTAS TAYO 11

Ipinako si Jesus sa krus ayon sa layon ng Dios. Kusang-loob na ibinigay ni Jesus ang Kanyang buhay upang iligtas tayo sa kasalanan.

Sinabi ni Jesus, **“Walang makakakuha ng Aking buhay, kundi ibinibigay Ko nang kusang-loob....”** —Juan 10:18

TAYO'Y TINUBOS NG DUGO NG KORDERO NG DIOS.

“... Ang ipinantubos sa inyo ... (ay) ang mahalagang dugo ni Cristo na tulad ng isang munting tupa na walang dungis o kapintasan.” —1 Pedro 1:18, 19

WALANG IBANG MAKAPAG-AALIS NG KASALANAN.


“... Pinabanal (tayo) ... nang minsanang inihandog ni Jesu-Cristo ang Kanyang katawan.” —Hebreo 10:10

12 “Yamang pinawalang-sala na tayo sa pamamagitan ng Kanyang dugong nabuhos, lalo Niya tayong ililigtas sa galit ng Dios.”

—Roma 5:9

“Panginoon, alalahanin
Mo Ako pagdating Mo
sa Iyong kaharian.”

Ang tulsang
Ito ay nagpa-
sakop kay
Jesus kaya
naligtas.



“Ngayon
din ay ma-
kakasama
kita sa
paraiso.”
—Lucas 23:43

Ang tulsang
ito ay hindi
nagpasakop
kay Jesus
kaya hindi
naligtas.

“... Tayo'y makasalanan pa (sumusuway sa kalooban ng Dios) nang mamatay si Cristo alang-alang sa atin.”

—Roma 5:8

**LAHAT NG NAGPAPASAKOP
SA ANAK NG DIOS AY MAY BUHAY**

13

“Dahil sa malaking pag-ibig ng Dios sa sangkatauhan, ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak, upang ang lahat ng magpasakop sa Kanya ay hindi na mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.”

—Juan 3:16

“Iniligtas tayo ng Dios mula sa kapangyarihan ng kadiliman, at inilipat tayo sa kaharian ng Kanyang minamahal na Anak. Dahil sa dugo ni Cristo..., tayo'y natubos na, at napatawad na....”

—Colosas 1:13, 14

“SIYA’Y MULING NABUHAY!”

“Huwag kayong matakot!’ sinabi ng anghel sa mga babae. ‘Alam kong hinahanap ninyo si Jesus.... Wala Siya rito dahil nabuhay Siyang muli.’”

—Mateo 28:5, 6

NAGBANGON SI JESUS MULA SA MGA PATAY 15

“... Namatay Ako, subalit nabubuhay na Ako ngayon magpakailanman. At Ako ang may hawak ng mga susi ng kamatayan at impiyerno.” —Kapahayagan 1:18

“... Yamang Ako'y buháy, kayo man ay mabubuhay.” —Juan 14:19

“Kapag ako'y natatakot... Sa Iyo ko ilalagak ang aking pag-asa at tiwala.” —Awit 56:3

(Tingnan ang mga pangako ng Dios na nasa pahina 46.)

MAILILIGTAS KA NI JESUS MAGPAKAILANMAN

“Naililigtas Niya nang magpawalang hanggan ang mga lumalapit sa Dios sa pamamagitan Niya, sapagkat palagian Siyang nabubuhay at nakapamamagitan para sa kanila.” —Hebreo 7:25

MAAARI TAYONG MAGTAMO NG BUHAY NA WALANG HANGGAN



Aling daan ang **IYONG**
tinatahak?

Si Jesus ang **DAAN** tungo sa
BUHAY na walang hanggan
Sa piling ng **DIOS**.

Ang Diablo ang daang patungo
sa walang-hanggang
KAMATAYAN.

Pinili ng bata ang daang patungo sa walang-hanggang buhay.

ALIN ANG PIPILIIN MO?

17

“... Pumili kayo ngayon kung kanino kayo maglilingkod....”

—Josue 24:15

“... Buhay ang piliin ninyo, upang kayo at ang inyong mga anak ay mabuhay.”

—Deuteronomio 30:19

SI JESUS ANG DAAN TUNGO SA BUHAY NA WALANG HANGGAN

“Walang ibang makapagliligtas maliban sa Kanya, sapagkat ang Kanyang pangalan lamang ang ibinigay upang magligtas sa mga tao sa ibabaw ng lupa.”

—Mga Gawa 4:12

“Ako si Yahweh; walang tagapagligtas maliban sa Akin.”

—Isaias 43:11

18 BAKIT KAILANGANG TANGGAPIN SI JESUS PARA MAGTAMO NG BUHAY NA WALANG HANGGAN?

1. *Si Cristo ang naparito.*



“... Kaya Ako naparito ay upang magkaroon sila ng buhay na masagana.” —Juan 10:10

2. *Si Cristo ang umibig at namatay alang-alang sa atin.*

“... (Ang) Anak ng Dios na umibig sa akin at nagbigay ng Kanyang sarili dahil sa akin.”

—Galacia 2:20

Nagkatawang-tao si Jesus at naging katulad natin, na may laman at dugo.

**Ginawa Niya iyon “upang sa pamamagitan ng Kanyang pag- 19
kamatay ay malipol Niya ang Diablo na siyang may kapang-
yarihan noon sa kamatayan, at sa gayon ay mailigtas Niya ang
mga tao....”** —Hebreo 2:14, 15

3. Ang dugo ni Jesus ang tanging lunas sa kasalanan.

“...Ang dugo ang siyang pantubos sa buhay (ng tao).”

—Levitico 17:11

**“... Nililinis (tayo) ng dugo ni Jesus na Kanyang Anak sa lahat ng
kasalanan.”**

—1 Juan 1:7

**“Dahil sa dugo ni Cristong nabuhos, tayo'y natubós na, at
napatawad na ang ating mga kasalanan.**

—Colosas 1:14



4. Si Cristo ang nagbangon mula sa kamatayan.

“Alam nating si Cristo'y muling nabuhay at hindi na muling mamamatay. Wala nang kapangyarihan sa kanya ang kamatayan.” —Roma 6:9

“Namatay Siya para sa lahat, upang ang lahat ng Kanyang binuhay ay huwag nang mamuhay para sa kanilang sarili kundi para sa Kanya na namatay alang-alang sa kanila at muling nabuhay.” —2 Corinto 5:15

Sinabi ni Jesus: **“...Yamang Ako'y buháy, kayo man ay mabubuhay.”** —Juan 14:19

5. Kailangang taglayin natin ang Espiritu ni Cristo para mabuhay tayong muli (at magpakailan man).

“... (Tumatahan) sa inyo (si) Cristong pag-asa natin sa kaluwalhatian.” —Colosas 1:27

“Kung nakatira sa inyo ang Espiritu ng Dios ... Siya na muling bumuhay kay Cristo ang siya ring magbibigay ng buhay sa inyong mga katawang may kamatayan....” —Roma 8:11

TIYAKIN MONG NAKATIRA SA IYO ANG ESPIRITU NI CRISTO.

“Ang taong hindi tinatahanan ng Espiritu ni Cristo ay hindi kay Cristo.” —Roma 8:9

22

KUNG PAANO KANG MAKAPAGTATAMO NG BUHAY NA WALANG HANGGAN

Sundin ang
mga payo
na nagsi-
simula sa
pahina 24.



**“Kahit ang bata
ay makikilala sa
kanyang mga
gawa.”**

—Kawikaan 20:11

“Alam kong mahal ako ni Jesus, dahil iyan ang sabi ng Biblia.”

MAHAL NI JESUS ANG LAHAT NG BATA

23

“... Tinawag ni Jesus ang bata, at sinabi Niya sa mga alagad, ‘Hayaan ninyong lumapit sa akin ang mga bata. Huwag ninyo silang hadlangan, sapagkat ang kaharian ng Dios ay para sa mga katulad nila.’”

—Lucas 18:16

“... Ayaw ng Aking Ama na mapahamak ang isa man sa mga batang ito.”

—Mateo 18:14

Kahit sino ka man, mahal ka ni Jesus, at Siya'y namatay alang-alang sa iyo. Nais Niyang mahalin mo rin Siya. Ang pagsunod sa Kanya'y katibayan ng iyong pagmamahal.

“Kung mahal ninyo Ako, susundin ninyo ang Aking mga utos.”

—Juan 14:15

24 PAANO MONG MASUSUMPUNGAN ANG DIOS

1. Aminin mong ikaw ay makasalanan. (Sinuway mo ang mga utos ng Dios).

“... Ang lahat ay nagkasala at kapos sa karangalang taglay ng Dios.” —Roma 3:23

2. Lumapit ka sa Dios sa pamamagitan ni Cristo.

“... lisa ang Dios at iisa ang Tagapamagitan sa Dios at sa mga tao—walang iba kundi ang Taong si Cristo Jesus.” —1 Timoteo 2:5

“... Naililigtas Niya nang magpawalang-hanggan ang mga lumalapit sa Dios sa pamamagitan Niya....” —Hebreo 7:25

Sinabi ni Jesus: “... Hinding-hindi Ko tatanggihan ang sinumang lumalapit sa Akin.” —Juan 6:37


3. Talikdan mo ang iyong mga kasalanan.

“... Magsisi na kayo at ma-
numbalik sa Dios, upang ma-
pawi ang inyong mga kasalanan.”

—Mga Gawa 3:19

“... Mapagpaumanhin (ang
Dios), at ayaw Niyang mapahamak
ang sinuman. Ang ibig Niya'y
magsisi ang lahat....” —2 Pedro 3:9

4. Ipagtapat mo kay Jesus ang iyong mga kasalanan.



“Kung ipagtatapat
natin ang ating
mga kasalanan,
Siya'y tapat at banal,
at patatawarin ang
ating mga kasa-
lanan.” —1 Juan 1:9

26

Isulat mo sa mga guhit sa ibaba ang talatang 1 Juan 1:9, na masusumpungan sa nakaguhit na kamay sa pahina 25:

5. *Talikdan mo ang iyong mga kasalanan.*

“Hindi mapapabuti ang taong ayaw magtapat ng kanyang mga kasalanan, ngunit kahahabagan ang nagtatapat at tumatalikod sa mga iyon.”
—Kawikaan 28:13

“Kasamaan ay lisanin, mabuti ang gawin.”
—Salmo 37:27



Dahil sa Kanyang kawawaan, naligtas kayo nang magpasakop kayo kay Cristo...

ito'y ibinigay lamang sa inyo ng Dios. —Efeso 2:8

6. Magpasakop ka kay Jesu-Cristo.

“Kung sinasabi ng iyong bibig na si Jesus ay Panginoon, at sumasampalataya ka sa iyong puso na Siya'y muling binuhay ng Dios, maliligtas ka.”

—Roma 10:9

“Magpasakop ka sa Panginoong Jesus at maliligtas ka, at gayon din ang iyong pamilya.” —Mga Gawa 16:31

28 7. *Tanggapin mo si Jesu-Cristo sa iyong puso at buhay.*



Ikaw lamang ang maaaring magbukas ng pinto ng iyong puso at magpatulóy kay Jesus. Sinabi Niya:

“Nakatayo Ako sa pintuan at kumakatok. Kung pagbubuksan Ako ng makakarinig, Ako'y papasok sa Kanya....” —Kapahayagan 3:20

“... Ang lahat ... ng tumanggap sa Kanya ay binigyan Niya ng karapatang maging mga anak ng Dios....”

—Juan 1:12

ISANG GABAY NA PANALANGIN

29

Kung kailangan mo ang tulong sa pagdalangin, gamitin mong gabay o halimbawa ang panalanging ito:



Mahal na Panginoong Jesus,

**Salamat at namatay Ka sa krus para pa-
wiin ang aking mga kasalanan. Ikinalu-
lungkot ko ang masasamang bagay na
nagawa ko. Inaanyayahan kita na puma-
sok at tumira sa aking puso magpakailan
man. Nagtitiwala na ako na malilinis Mo
ang aking puso. Tinatanggap kita na
aking Panginoon at Tagapagligtas. Amen.**


30 KUNG NASA PUSO MO SI JESUS, LIGTAS KA NA

“... Binigyan tayo ng Dios ng buhay na walang hanggan, at ang buhay na ito ay nasa Kanyang Anak. Ang taong kinaroroonan ng Anak ay may buhay....” —1 Juan 5:11, 12

“... Ang nakikinig sa Aking salita at sumasampalataya sa nag-sugo sa Akin... ay lumipat na sa buhay mula sa kamatayan.”
—Juan 5:24

Kapag namatay ang iyong katawan, mapupunta ka sa piling ng Panginoon (2 Corinto 5:8). **“... (Si) Cristong pag-asa natin sa kaluwalhatian.”** —Colosas 1:27

Kung humingi ka na ng tawad kay Jesus, at nagpapasakop ka na sa Kanyang pagliligtas, isulat mo ang iyong pangalan sa linyang ito:



Basahin mo ang Biblia araw-araw, at isaulo mo ang mga espesyal na talata na makatutulong sa iyo. (Maraming talata ang nasa munting aklat na ito.)

“Lahat ng Kasulatan ay sa Dios galing, at napapakinabangan sa pagtuturo, pagsaway, pagtutuwid, at pagsasanay sa kabangalan.”

—2 Timoteo 3:16

32 DUMALANGIN KA KAY JESUS SA ANUMANG ORAS



Pasalamatan mo si Jesus sa lahat ng Kanyang kabutihan sa iyo. Purihin mo Siya dahil sa mga ginawa Niya para sa iyo, at dahil iniligtas Niya ang iyong kaluluwa. Hingin mo sa Kanya ang anumang kailangan mo. Manalangin ka sa pangalan ni Jesus.

“... Pinakikinggan Niya ang ating mga dalangin kung humihingi tayo nang ayon sa Kanyang kalooban.” —1 Juan 5:14

“... Kung hihingi kayo ng anuman ... sa Ama, ibibigay Niya iyon sa inyo sa Aking pangalan.” —Juan 16:23

ANG DALANGING ITINURO NI JESUS SA KANYANG MGA ALAGAD

33

Tinuruan ni Jesus ang mga alagad na dumalangin nang ganito:

“Ama naming nasa langit, sinasamba po namin ang Inyong pangalan. Nawa'y dumating na ang Inyong kaharian. Nawa'y ang Inyong kalooban na ang masunod sa lupa, tulad ng sa langit. Ibigay po Ninyo sa amin ang aming pagkain para sa araw na ito, at ipatawad po Ninyo ang aming mga kasalanan, gaya ng pagpapatawad namin sa mga nagkakasala sa amin. Huwag po Ninyo kaming dalhin sa tukso, kundi iligtas po Ninyo kami sa masama. Sapagkat sa Inyo ang kaharian, at ang kapangyarihan at ang kaluwalhatian magpakailan man.”

—Mateo 6:9-13

Mabuting isaulo ang panalanging ito. Madalas idalangin ito nang sabay-sabay ng mga tagasunod ni Cristo.

**ANG SAMPUNG UTOS NG DIOS
AY GABAY NATIN SA PAMUMUHAY**

(Kabatanang 20 ng Exodo)

Ang unang apat ay tungkol sa ating pagmamahal sa Dios.

- 1. “Huwag kang magkakaroon ng ibang dios maliban sa Akin.”**
- 2. “Huwag mong igagawa ang iyong sarili ng anumang imahen o rebulto.... huwag kang yuyukod o sasamba sa kanila.”**
- 3. “Huwag mong gagamitin sa walang kabuluhan ang pangalan ng iyong Dios na si Yahweh.”**
- 4. “Isaalang-alang mo ang araw ng Sabbath (pamamahinga); ituring mong banal ito.”**

Ang huling anim ay tungkol sa pakikitungo sa ating kapwa-tao.

ANG SAMPUNG UTOS (karugtong ng sinundang pahina) 35

5. "Igalang mo ang iyong ama at ina."
6. "Huwag kang papatay."
7. "Huwag kang mangangalunya."
8. "Huwag kang magnanakaw."
9. "Huwag kang sasaksi ng hindi katotohanan."
10. "Huwag mong nanasain ang bahay ng iyong kapwa;
Huwag mong nanasain ang kanyang asawa,
utusang lalaki o babae, baka, asno,
o alinmang bagay na tinatangkilik niya.

KAPAG SINUSUNOD NATIN ANG MGA UTOS NG DIOS, DINIRING NIYA ANG ATING MGA DALANGIN. "Tinatanggap natin ang lahat ng ating hinihingi sa Kanya, dahil sinusunod natin ang Kanyang mga utos at ginagawa natin ang Kanyang nais."

—1 Juan 3:22

36 ANG DALAWANG UTOS NA MAHALAGA SA LAHAT

Pag-ibig sa Dios

1. “Sumagot si Jesus, ‘Ibigin Mo ang Panginoon mong Dios nang buong puso, buong kaluluwa at buong pag-iisip.’ Iyan ang una at pinakadakilang utos.” —Mateo 22:37, 38

Pag-ibig sa Kapwa

2. “Ang ikalawa’y katulad niyan: ‘Ibigin mo ang iyong kapwa na gaya ng iyong sarili.’” —Mateo 22:39

Lahat ng Sampung Utos (pahina 34 at 35) ay napapaloob sa dalawang pinakadakilang utos na ito.

PAG-IBIG ANG DAKILA SA LAHAT

37

Ang Dakilang Kabanata Tungkol sa Pag-ibig

(1 Corinto 13:1-8, 13)

“¹Kahit na ako makapagsalita ng iba't ibang wika ng mga tao at mga anghel, para lamang akong kampanang kumakalembang ... kung wala akong pag-ibig. ²Kahit na isa akong propeta; kahit na malaman ko ang pinakamalalalim na katotohanan, at lahat ng uri ng katotohanan; kahit na nakapagpapalipat ako ng mga bundok dahil malakas ang aking pananampalataya— wala pa rin akong kabuluhan kung wala akong pag-ibig. ³Kahit ipamigay ko sa mahihirap ang lahat kong tinatangkilik; kahit ipasunog ko pa ang aking katawan— wala pa ring halaga iyon kung wala akong pag-ibig. ⁴Ang pag-ibig ay matiisin at mabait, at hindi marunong mainggit, maghambog o magmataas. ⁵Hindi magaspang ang ugali nito,

at hindi ito makasarili. Hindi ito marunong mayamot o magtanim ng galit. ⁶Ang pag-ibig ay hindi natutuwa sa kasamaan, kundi nagagalak sa katotohanan. ⁷Lahat ay nasasaklaw nito, lahat ay pinaniniwalaan, lahat ay pinananaligan, lahat ay tinitii. ⁸Ang pag-ibig ay mamamalagi kailan man....

“¹³May tatlong bagay na namamalagi magpakailan man: ang pananampalataya, ang pag-asa at ang pag-ibig. Ngunit ang pag-ibig ang dakila sa lahat.”

ANG DIOS AY PAG-IBIG

“... Ang Dios ay pag-ibig. Ang namumuhay sa pag-ibig ay namumuhay sa Dios, at namumuhay sa kanya ang Dios.” —1 Juan 4:16

IBIG NI JESUS NA SABIHAN MO ANG IBA TUNGKOL SA KANYA

39

(sa tahanan, paaralan,
sambahan, at kahit saan)



Sinabi ni Jesus, “**Umuwi ka sa iyong mga kababayan at sabihin mo sa kanila ang tungkol sa dakilang bagay na ginawa ng Panginoon, at kung paanong kinahabagan ka Niya.**”

—Marcos 5:19

40 PAANONG MAKIKILALA ANG ISANG TUNAY NA ANAK NG DIOS

“Makikilala ninyo sila sa pamamagitan ng kanilang mga bunga.”

—Mateo 7:20

“... Ang bunga ng Espiritu ... (ay) pag-ibig, galak, kapayapaan, tiyaga, kabaitan, kabutihan, katapatan, kaamuan, at pagpipigil sa sarili.”

—Galacia 5:22

NAGPAPATAWAD ANG ISANG TUNAY NA ANAK NG DIOS

“Kung patatawarin ninyo ang mga nagkakasala sa inyo, patatawarin din kayo ng inyong Ama....”

—Mateo 6:14

PITONG BAGAY NA KASUKLAM-SUKLAM SA DIOS

“... Kapalaluan, pagsisinungaling, pagpaslang sa taong walang kasalanan, paggawa ng masasamang balakin, pagiging matulin sa paggawa ng kasamaan, pagsaksi ng kasinungalingan, paggawa ng paraan upang magkagalit ang magkakapatid.”

—Kawikaan 6:17-19



MGA GAWAIN NG LAMAN: 41


“Malaswang pamumuhay, karumihan, kahalayan, pagkakaroon ng ibang dinidios, pangkukulam, samaan ng loob, pag-aaway, pagseselos, galit, pagiging makasarili, pagtatalu-talo, at pagpangkat-pangkat, inggitan, paglalasing, pagmamalabis, at iba pang kasamaan.... Hindi magmamana ng kaharian ng Dios ang mga gumagawa ng mga iyan.”

—Galacia 5:19-21

HAYAANG PUSPUSIN AT LINISIN KA NG ESPIRITU NI JESUS

“Ganyan ang ilan sa inyo noong araw. Subalit kayo'y nilinis na, at pinawalang-sala na ng Dios sa pangalan ng Panginoong Jesu-Cristo at sa pamamagitan ng Espiritu Santo.”

—1 Corinto 6:11

TOTOONG MAY IMPIYERNO**(Basahin ang Lucas 16:19-26.)**

Tiyakin mong nagpasakop ka na kay Jesu-Cristo. Isusulat Niya ang iyong pangalan sa Aklat ng Buhay.

“Itinapon sa dagat ng apoy ang lahat ng hindi nakasulat ang pangalan sa Aklat ng Buhay.”

—Kapahayagan 20:15

SI JESUS LAMANG ANG DAANG PATUNGO SA DIOS 43

“... Binigyan Niya tayo ng buhay na walang hanggan, at ang buhay na ito ay nasa Kanyang Anak. —1 Juan 5:11

**“... Ang walang-bayad na kaloob ng Dios ay buhay na walang haggan, sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo.”
—Roma 6:23**

**“Ang nagpapasakop sa Anak ay may buhay na walang hanggan, subalit ang ayaw magpasakop sa Anak ay hindi magtatamo ng buhay....”
—Juan 3:36**

**“Sumagot si Jesus, ‘Ako ang daan, katotohanan at buhay. Walang makararating sa Ama malibang sa pamamagitan Ko.’”
—Juan 14:6**

ANG LANGIT AY ISANG TUNAY NA LUGAR



Sa pangitain, nakita ni Juan ang Bagong Langit at Bagong Lupa.

“... Papahirin Niya ang lahat ng luha sa kanilang mata, at hindi na magkakaroon ng kamatayan, kalungkutan, pagtangis, o sakit. Ang dating pamamaraan ay mapaparam na magpakailan man.’ At sinabi ng nakaupo sa trono, ‘Masdan ninyo, binabago Ko na ang lahat ng bagay!’” —Kapahayagan 21:4, 5

Nakita rin ni Juan ang Bagong Jerusalem na bumababa mula sa langit.

“...Ang siyudad...ay yari sa ginto na kasinlinaw ng salamin. Ang mga batong pundasyon ng pader ay napapalamutian ng lahat ng uri ng mamahaling bato.”

—Kapahayagan 21:18, 19

NAGHAHANDA SI JESUS NG TAHANAN 45
PARA SA LAHAT NG NAGPAPASAKOP SA KANYA

“Huwag kayong mangamba. Nagtitiwala kayo sa Dios; magtiwala rin kayo sa Akin. Maraming tahanan sa bahay ng Aking Ama.... Pupunta Ako roon upang ipaghanda kayo ng lugar. At kapag handa na ang lahat, magbabalik Ako at susunduin kayo, upang makasama Ko kayo sa Aking tahanan.”

—Juan 14:2-3

IPAMALITA SA IBA ANG MAGANDANG BALITA ITO

“Humayo kayo sa buong mundo at ipangaral ninyo ang Ebanghelyo sa lahat ng nilikha.”

—Marcos 16:15

46 MGA PANGAKO NG DIOS SA KANYANG MGA ANAK

“... Hinding-hindi Ko kayo pababayaan o iiwan.” —Hebreo 13:5


“Utusan Niya ang Kanyang anghel na ingatan ka; hindi ka nila pababayaan sa anumang paraan.” —Salmo 91:11

“... Walang makaagaw sa kanila sa kamay ng Aking Ama.” —Juan 10:29

“... Ako'y tiyak na makakasama ninyong lagi— hanggang sa wakas ng kasalukuyang daigdig.” —Mateo 28:20

“Huwag kang matakot... Magtapat ka hanggang kamatayan at bibigyan kita ng korona ng buhay.” —Kapahayagan 2:10

“Tumawag ka sa Akin at ikaw'y Aking tutugunin....” —Jeremias 33:3



MAGBABALIK SI JESUS

47

Lahat ay ibabangon mula sa kamatayan.

“... Sila'y muling magbabangon. Ang mga gumawa ng mabuti... upang mabuhay, at ang mga gumawa ng masama... upang mahatulan.”

—Juan 5:28, 29



Unang Ibabangon ang *mga nakay Cristo*.

“Pagkatapos, tayo namang nabubuhay pa ay kasama nilang iaakyat sa mga alapaap upang sumalubong sa Panginoon, at makakasama Niya tayo magpakailan man.”

—1Tesalonica 4:17

“Mag-ingat kayo at laging magbantay, dahil hindi ninyo alam ang takdang panahon.”

—Marcos 13:33

PAANONG DARATING SI JESUS?



“... Siya'y dumarating sa mga alapaap, at makikita Siya ng lahat....” —Kapahayagan 1:7

Mag-ingat sa mga huwad na Cristo.

“Kapag may magsabi sa inyo, ‘Narito ang Cristo,’ o ‘naron,’ huwag kayong maniwala.... Kung may magsabi sa inyo, ‘Naron sa parang ang Cristo!’— huwag kayong pupunta....”

—Mateo 24:23, 26

MABILIS NA DARATING SI CRISTO SA MGA ALAPAAP

“... Biglaan ang Aking pagdating, tulad ng kidlat na sumisibad nang pakanluran.... Sa mga alapaap ... na taglay ang kapangyarihan at karangalan.”

—Mateo 24:27, 30

ANG SALMO NG PASTOL

(Awit 23)

- ¹ “Si Yahweh ang aking Pastol, hindi ako kukulangin ng anuman.
- ² Pina-hihiga Niya ako sa sariwang pastulan; inaakay Niya ako sa tabi ng tahimik na batis. ³ Binibigyan Niya ako ng panibagong kasiglahan. Pinapatnubayan Niya ako sa landas ng kabutihan, alang-alang sa Kanyang pangalan.
- ⁴ “Kahit tahakin ko ang madilim na lambak ng lilim ng kamatayan, hindi ako matatakot dahil kasama ko Ikaw. Inaaliw ako ng Iyong tungkod at pamalo.
- ⁵ “Pinapahiran Mo ng langis ang aking ulo; ang saro ko ay nag-uuma-paw. Ipinaghahanda Mo ako ng dulang sa harap ng aking mga kaaway.
- ⁶ “Tunay na sasaakin ang pag-ibig at kabutihan habang ako’y nabuhay; at sa tahanan ni Yahweh ako mamamalagi magpakailan man.”

Paliwanag: Sa salin ng Matandang Tipan dito ay ginagamit ang pangalan ng Dios, Yahweh (YHWH sa wikang Hebreo), na dating binibigkas na "Jehova." Ayon sa mga dalubhasa sa Biblia, ang Yahweh ang mas wastong porma ng YHWH. Ang texto ng Matandang Tipan dito ay espesyal na salin ng nagsalin ng Salita ng Buhay, na siyang pinagkunan ng teksto ng mga sitas na mula sa Bagong Tipan. Ang teksto ng Bagong Tipan ay hango sa Salita ng Buhay (© International Bible Society Philippines), at ginamit nang may pahintulot nito.

Kung ibig mong tumanggap ng iba pang pag-aaral sa Salita ng Dios, maaari kang sumulat sa:

World Missionary Press, Inc.
P.O. Box 120
New Paris, IN 46553-0120 USA

Ang libritong ito ay ipinamamahagi nang walang-bayad.